

Si Attorney General Kamala D. Harris ay Nagpalabas ng Abiso sa Mamimili bilang Babala sa Mga Panlilinlang at Scam ng mga Retailer na ang Target ay Mga Imigrante at Mga May Limitadong Karunungan ng Ingles (Limited English Proficient o LEP) na Mamimili

Marso 11, 2016

Makipag-ugnayan: (415) 703-5837, agpressooffice@doj.ca.gov

LOS ANGELES – Nagpalabas ngayong araw si Attorney General Kamala D. Harris ng isang abiso sa mamimili para magbigay babala sa mga Californian tungkol sa panlilinlang at scam ng nagbebenta na ang target ay mga imigrante at iyong mga mamimili na itinuturing na hindi masyado mahusay sa Ingles o limited English proficient ("LEP"). Maraming mga reklamo na isinama sa California Department of Justice ang naglalarawan sa mga mapansamantalang kilos ng ilang mga retailer sa mga mamimili na kulang ng credit at/o katatasan sa wikang Ingles. Bilang kaugnayan dito sa naulat na banta sa mamimili, ipinaaalala ng Attorney General sa mga imigrante at mga LEP na mga mamimili na mag-ingat sa pagtatanggap ng mga kontrata ng retailer o mga kasunduan ng credit card, at hinihikayat ang mga indibiduwal na humingi ng tulong mula sa mga naaangkop ng ahensya na nagpoprotekta sa mamimili kapag ang mga retailer ay nasasangkot sa hindi tapat o mapanlinlang na mga pamamalakad.

MAG-INGAT SA KARANIWANG SCAM NA ITO

Ang mga karaniwang scam na nakaka-apekto sa mga komunidad na may limitadong kahusayan sa Ingles ay kinabibilangan ng "credit sa tindahan" at mga pekeng warranty na scam. Ang mga taga-California na gustong-gustong matatag ang kanilang credit ay maaaring ma-target ng mga retailer na naghahandog na magbenta sa kanila ng mga produkto na may mas maliit na down payment at ang natitirang halaga ay maaaring i-finance sa pamamagitan ng "credit sa tindahan". Ang ganitong uri ng kasunduan ay madalas na nahuhuli ang mga mamimili na sumang-ayon sa mga kontrata na may matataas na interes at iba pang mga hindi kapaki-pakinabang na termino. Ang mga manlolojong retailer ay maaari rin magbenta ng mga depektibong produkto na lumaon ay tatanggihan nilang ipagpalit o ayusin, kahit na ang mamimili ay nagbayad rin para sa warranty ng retailer. Ang mga ganitong uri ng scam ay maaaring magresulta sa pagpipilit sa mga mamimili na magpatuloy na magbayad sa mga depektibong item o nanganganib na masira ang kanilang credit at mademanda ng retailer.

PAANO NINYO MAPOPROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI

Dapat ay alam ng mga imigrante at ng mga LEP na mamimili na ang California Translation Law¹ ay nagpoprotekta sa kanilang mga karapatan. Hinihiling sa ilalim ng batas na ito mula sa mga retailer na makipag-negosasyon sa wikang Espanyol, Tagalog, Chinese, Vietnamese, o Korean, sa pamamagitan ng pagbibigkas (orally) o sa pamamagitan ng kasulatan, para makapagkaloob ng kontrata na nakasalin-wika sa wikang ginagamit para sa pakikipagnegosasyon sa mga mamimili. Dapat ay wasto ang pagsasalin-wika at kasama dito ang lahat ng termino at kondisyon sa kontrata o kasunduan. Kung nakipag-negosasyon ang retailer sa mga wikang ito at hindi nagbigay ng isang nakasalin-wika na kopya ng isang kontrata bago ito malagdaan, maaaring

¹ CAL. CIV. CODE §1632.

ipawalang-bisa ng kostumer ang kontrata. Ang batas na ito ay ipinasa para protektahan ang mga karapatan ng milyong-milyong mga mamimili sa California na hindi nagsasalita o nagbabasa ng Ingles bilang pangunahing wika at may karapatan na magkaroon ng ganap na impormasyon hinggil sa mga termino ng kanilang mga kontrata. Ang alerto sa mamimili na ito ay naghahandog ng mga tip para sa pangangalaga ng mga mamimili na imigrante at LEP na maaaring na-target ng mga walang konsensiyang retailer.

ANO ANG DAPAT PAG-INGATAN

Nagbibigay ang Attorney General sa mga mamimili ng California ng mga sumusunod na tip para protektahan ang kanilang sarili mula sa mga retailer na maaaring kasangkot sa mga hindi wastong pamamalakad:

- Bago bumili, manaliksik tungkol sa reputasyon ng retailer sa pamamagitan ng paghahanap ng mga review online at anumang mga posibleng reklamo ng mamimili hinggil sa panlilinlang o scam.
- Huwag pahintulutan ang salesperson na pilitin kang bumili ng isang mamahalin na gamit, ng pandagdag na item, o anumang warranty na hindi ninyo gusto. Mag-ingat sa mga offer na kung saan sumasang-ayon ang mga retailer na bentahan kayo ng isang gamit na may diskuwentong presyo kung babayaran ninyo ang isang mahal na warranty o insurance.
- Humiling at basahin ang nasa papel na kopya ng inyong kontrata bago kayo lumagda sa anumang mga dokumento, kahit na nilalayon ng retailer na lagdaan sa electronic na paraan ang kontrata. Huwag hayaan ang retailer na pilitin kayong lumagda sa anumang bagay bago pa man ninyo ito nakikita at unawain ang mga termino ng inyong kontrata.
- Kung may anumang bagay na hindi ninyo nauunawaan sa inyong kontrata, tanungin sa sales representative upang malinaw ito. Tiyakin na alam ninyo ang lahat ng goods at serbisyo na nakalista sa inyong kontrata, ang total na dapat bayaran, ang bilang at halaga sa dolyar ng inyong buwanang hulog, at ang interest rate na sisingilin sa inyo.
- Kung makipag-negosasyon kayo sa isang sales representative sa wikang Espanyol, Tagalog, Chinese, Vietnamese, o Korean, kailangang magkaloob sa inyo ang retailer ng kopya ng inyong kontrata sa wika na pinag-usapan ninyo bago ninyo lagdaan ang kasunduan.
- Bago bilhin ang warranty ng retailer para sa isang electronic na device o appliance, hilingin na makita ang kumpletong mga termino ng warranty na nasa kasulatan. Ikonsidera kung kailangan ninyo ang warranty ng retailer, at kumpirmahin ang sakop at tagal ng warranty ng manufacturer sa produkto (ang warranty ng manufacturer ay karaniwang kasama sa presyo ng item). Tanungin ang tungkol sa saklaw ng warranty ng retailer, anumang mga fee o singilin na may kaugnayan sa paggamit ng warranty, mga hindi kasama, at kung paano pinakikitunguhan ang mga pagpapaayos.
- Tanungin ang patakaran sa 'return ang exchange' (pagpapalit) bago kayo bumili. Tiyakin na binasa ang nakasulat na bersyon ng 'return and exchange' na patakaran, na tinitiyak kung gaano katagal kayo maaaring magsauli o palitan ang isang item.
- Magtabi ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento na may kaugnayan sa inyong binili, kasama na ang kontrata, resibo, impormasyon sa warranty, patakaran sa pagsasauli, mga

manwal, mga buwanang statement, at anumang iba pang dokumento na natanggap ninyo mula sa retailer.

- Agad na suriin ang gamit na inyong binili para matiyak na ito ay bago (maliban na lang kung bumili kayo ng isang gamit nang bagay), kung gumagana ito, at nasa mabuting kondisyon. Ipagbigay-alam agad sa retailer kung may mga problema sa item. Isadokumento ang mga interaksyon sa retailer sa pamamagitan ng kasulatan para mayroon kayong rekord hinggil sa inyong mga pagtatangka na malutas ang problema.
- Ang mga kostumer na nagsusubok na mapatatag ang kanilang creidt ay dapat na humiling kanilang kopya ng ulat ng credit mula sa <https://www.annualcreditreport.com> para matiyak na ang kanilang mga pagbabayad ay maayos na nauulat sa mga credit bureau.

MGA MAKAKATULONG NA MAPAGKUKUHANAN NG IMPORMASYON O TULONG

Ang California Department of Consumer Affairs ay nagkaloob ng mga nakakatulong na impormasyon kung paano mapapatatag at mapapanatili ang mabuting credit sa <http://www.dca.ca.gov/publications/knowyourscore.shtml>. Ito rin ay naghahandog ng mga patnubay kung paano maiiwasan ang mga scam at panlilinlang sa http://www.dca.ca.gov/publications/guide/ref_guide.pdf, at nagkaloob ng mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon sa mga mamimili na may mga reklamo sa <http://www.dca.ca.gov/publications/consumer-selfhelp.shtml>.

Ang Los Angeles County Department of Consumer and Business Affairs ay naghahandog rin ng impormasyon sa mga mamimili sa <http://dcba.lacounty.gov/wps/portal/dca>, at nagkaloob ng oportunidad na magtanong hinggil sa mga nabili ng mamimili sa https://iddweb.isd.lacounty.gov/dca_ecomplaint/Question/.

Ang Bureau of Electronic and Appliance Repair, Home Furnishings and Thermal Insulation ang namamahala sa mga pamantayan sa industriya, at nagbibigay ng impormasyon at mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong para sa mga mamimili <http://www.bhfti.ca.gov/consumer/index.shtml>.

ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG KAYO AY NAGING BIKTIMA NG ISANG SCAM NG RETAILER

Ang Better Business Bureau (BBB) ay naghahandog ng mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong doon sa mga naging biktima ng scam ng retailer. Kung kayo ay naging biktima ng scam ng retailer, agad na magsampa ng reklamo sa BBB sa <https://www.bbb.org/consumer-complaints/file-a-complaint/get-started>.

Ang Los Angeles County Department of Consumer and Business Affairs ay nagkaloob ng suporta para doon sa mga naging target ng isang scam ng retailer. Kung kayo ay naging isang biktima, maaari kayong magsampa ng reklamo sa LADCBA sa https://iddweb.isd.lacounty.gov/dca_ecomplaint/.

Ang California Department of Justice ay nagpoprotekta sa mga karapatan ng mamimili at nangangalap ng mga reklamo hinggil sa panlilinlang ng retailer at mga scam para makilala ang

mga pattern ng hindi wastong pagkilos. Para magsumite ng reklamo sa California Department of Justice hinggil sa maling gawain ng retailer, mangyari lang gamitin ang isa sa mga sumusunod na form ng reklamo:

Ingles: <https://oag.ca.gov/contact/consumer-complaint-against-business-or-company>.

En Español: http://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/contact/business_corpform_sp.pdf?

中文: http://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/contact/business_corpform_chin.pdf?

Tiếng Việt: http://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/contact/business_corpform_viet.pdf?